

Pagkalkula ng Rate ng Partisipasyon para sa mga Tagapagpahiwatig ng Akademiko at Agham para sa Dashboard



Hinihilingan ng Every Student Succeeds Act (ESSA) ang lahat ng estado na subukin ang hindi bababa sa 95 porsyento ng lahat ng estudyante at mga grupo ng estudyante sa sining ng wikang Ingles/ literasiya (ELA) at matematika. Hinihilingan din nito ang mga estado na isama ang rate ng partisipasyon sa kanilang mga sistema ng pananagutan, na para sa California ay ang Tagapagpahiwatig ng Akademiko. Ang Tagapagpahiwatig ng Akademiko ay nakabatay sa Pangwakas na Pagtatasa ng Smarter Balanced at sa mga Pangkapalit na Pagtatasa ng California (CAAs) para sa ELA at matematika. Bagama't walang pederal na kahilingan na subukin ang hindi bababa sa 95 porsyento ng lahat ng estudyante sa Pagsusulit sa Agham ng California o sa CAA para sa Agham, pinili ng Lupon ng Edukasyon ng Estado ng California na ipatupad ang isang pinakamababang rate ng partisipasyon para sa lahat ng lokal na ahensya sa edukasyon (LEAs), mga paaralan, at mga grupo ng estudyante sa buong estado. Kaya naman, ang mga pagtatasa sa ELA, matematika, at agham ay nangangailangan na masubukan ang hindi bababa sa 95 porsyento ng lahat ng estudyante.

Para sa anumang LEA, paaralan, o grupo ng estudyante na may mas mababa sa 95 porsyento ng mga estudyanteng nasubukan, hinihiling ng ESSA na maglapat ng penalty sa Tagapagpahiwatig ng Akademiko, at hinihiling naman ng Lupon ng Edukasyon ng Estado (SBE) na maglapat ng penalty sa Tagapagpahiwatig ng Agham. Para matugunan ang mga kahilingang ito, itinatakda ng California ang Pinakamababang Maaaring Makuhaing Score sa Scale (Lowest Obtainable Scale Score, LOSS) sa bawat estudyante na kinakailangan upang maabot ng LEA, paaralan, at/o grupo ng estudyante ang 95 porsyentong rate ng partisipasyon. Ang LOSS na itinalaga sa bawat estudyante na hindi nasubukan ay gagamitin sa pagkalkula ng Distansya mula sa Pamantayan (Distance from Standard, DFS) o Mga Puntos sa Agham (Science Points, SPs). Tandaan na ang pagtatalaga ng LOSS para sa mga estudyanteng hindi nasubukan ay nagaganap lamang kapag kinakalkula ng Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education, CDE) ang mga Tagapagpahiwatig ng Akademiko at Agham sa Dashboard ng Paaralan sa California (Dashboard). Ang mga estudyanteng hindi nasubukan ay **hindi** makatatanggap ng LOSS sa kanilang indibidwal na ulat ng marka sa Pagtatasa sa Pagganap at Progreso ng Estudyante ng California (California Assessment of Student Performance and Progress, CAASPP) o sa File ng Datos ng Score ng Estudyante sa CAASPP (CAASPP Student Score Data File).

Pagkalkula ng Rate ng Partisipasyon sa Dashboard 2025

Kinakalkula ng metodolohiya para sa 2025 ang bilang ng mga estudyanteng kinakailangan upang maabot ng LEA, paaralan, o grupo ng estudyante ang 95 porsyentong rate ng partisipasyon. Bawat isa sa mga estudyanteng ito ay itatalaga ng sumusunod na score ng DFS o SPs batay sa kanilang pagtatasa:

- ELA: 333 puntos na mas mababa sa pamantayan
- Matematika: 348 puntos na mas mababa sa pamantayan
- Agham: 0 SPs

Halimbawa ng Unified LEA na Gumagamit ng Pagkalkula ng Penalty sa Rate ng Partisipasyon para sa ELA sa 2025

Impormasyon ng LEA	Metodolohiya sa Penalty sa Rate ng Partisipasyon
Bilang ng mga estudyanteng nakatala sa panahon ng pagsusulit sa baitang tatlo hanggang walo at baitang labing-isa sa Unified LEA na kwalipikadong lumahok sa mga pangwakas at pangkapalit na pagtatasa ng ELA	355 estudyante

Impormasyon ng LEA	Metodolohiya sa Penalty sa Rate ng Partisipasyon
Bilang ng mga estudyanteng kailangang sumailalim sa pagsusulit upang maabot ang target na 95 porsyentong rate ng partisipasyon	338 estudyante ($355 \times 0.95 = 337.25$ na ini-round off sa 338)
Bilang ng mga estudyanteng nasubukan DFS ng mga nasubukang estudyante bago ang penalty	268 estudyante 4,355 puntos
Pagkakaiba sa bilang ng mga estudyanteng kailangan upang maabot ang 95 porsyento at bilang ng mga nasubukang estudyante	70 estudyante (338 estudyanteng kailangan minus 268 estudyanteng nasubukan)
Pagkalkula ng penalty sa rate ng partisipasyon	Bawat isa sa 70 estudyante ay bibigyan ng LOSS at makakatanggap ng DFS na 333 puntos na mas mababa sa pamantayan (DFS para sa ELA) $70 \times (-333) = -23,310$ penalty
Pagkalkula ng In-adjust na DFS	4,355 (DFS na walang penalty) -23,310 (penalty sa rate ng partisipasyon) = -18,955
Pagkalkula ng Pangwakas na DFS	-18,955 $\div$ 338 (bilang ng mga estudyanteng kailangan upang maabot ang 95% target) = -56.08 Ang DFS ng LEA ay ini-round off sa -56.1 puntos mula sa Antas ng Pagganap 3: Pamantayang Natamo

Halimbawa ng Middle School na Gumagamit ng Pagkalkula ng Penalty sa Rate ng Partisipasyon para sa Agham sa 2025

Impormasyon ng Paaralan	Metodolohiya sa Penalty sa Rate ng Partisipasyon
Bilang ng mga estudyanteng naka-enroll sa panahon ng pagsusulit sa baitang walo sa middle school na karapat-dapat lumahok sa mga pambuod at pang-alternatibong pagtatasa sa agham	225 estudyante
Bilang ng mga estudyanteng kailangang sumailalim sa pagsusulit upang maabot ang target na 95 porsyentong rate ng partisipasyon	214 estudyante ($225 \times 0.95 = 213.75$ na ini-round off sa 214)

Impormasyon ng Paaralan	Metodolohiya sa Penalty sa Rate ng Partisipasyon
Bilang ng mga estudyanteng nasubukan SPs ng mga nasubukang estudyante bago ilapat ang penalty	189 estudyante 10,017 SPs
Pagkakaiba sa bilang ng mga estudyanteng kailangan upang maabot ang 95 porsyento at bilang ng mga nasubukang estudyante	25 estudyante (214 estudyanteng kailangan minus 189 estudyanteng nasubukan)
Pagkalkula ng penalty sa rate ng partisipasyon	Bawat isa sa 25 estudyante ay bibigyan ng LOSS na 0 SPs
Pangwakas na pagkalkula ng SPs	$10,017 \div 214$ (bilang ng mga estudyanteng kailangan upang maabot ang 95% target) = 46.81 Ang SPs ng paaralan ay ini-round off sa 46.8 SPs

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [webpage ng Dashboard ng Paaralan sa California at Sistema ng Suporta ng CDE](#).

Kontakin ang Dibisyon ng Pag-uulat ng Analysis, Pagsukat, at Pananagutan sa pamamagitan ng email sa dashboard@cde.ca.gov.



Oktubre 2025